

# MUSIKA
## Ikalimang Baitang
## Modyul 1

# MGA NOTA AT PAHINGA



## ALAMIN MO

Iba't-ibang nota at pahinga ang ginagamit sa notasyon ng isang awit o tugtugin.


Ang nota ay nagpapahiwatig ng tunog, habang ang pahinga ay nagpapahiwatig ng katahimikan.

Sa modyul na ito, makikilala mo ang iba't-ibang uri ng nota at pahinga.

Ang bawa't nota at pahinga ay may kaukulang halaga (*value*) o bilang ng kumpas. Nakalarawan sa ibaba ang iba't ibang uri ng nota at katumbas na pahinga. Nakasulat din ang bilang ng kumpas na tinatanggap ng bawat isa.

MGA NOTA AT PAHINGA

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| NOTA | 𝅝 | 𝅗𝅥 | ♩ | ♪ | 𝅘𝅥𝅯 |
| | Buong Nota (Whole Note) | Hating Nota (Half Note) | Kapat na Nota (Quarter Note) | Kawalong Nota (Eight Note) | Kalabing Anim na Nota (Sixteenth Note) |
| PAHINGA | 𝄻 | 𝄼 | 𝄽 | 𝄾 | 𝄿 |
| | Buong Pahinga (Whole Rest) | Hating Pahinga (Half Rest) | Kapat na Pahinga (Quarter Rest) | Kawalong Pahinga (Eight Rest) | Kalabing Anim na Pahinga (Sixteenth Rest) |
| BILANG ng Kumpas | 4 | 2 | 1 | $\frac{1}{2}$ | $\frac{1}{4}$ |







## PAGBALIK-ARALAN MO

Awitin muli ang natutuhan mong awit na “Si Filemon”, habang ipinapalakpak ang kumpas.

Sundan mo ang hulwarang ito:

$$\frac{4}{4}\ \Big|\ \overset{>}{\text{♩}}\ \text{♩}\ \text{♩}\ \text{♩}\ \Big|$$
1 2 3 4

Lagyan ng diin sa unang kumpas.
Magsimula ka sa ikalawang kumpas gaya nito:

$$\frac{4}{4}\ \Big|\ \text{♩}\ \text{♩}\ \text{♩}\ \text{♩}\ \Big|$$
1 2 3 4
Si Fi - le

Ano ang palakumpasan ng awit? Naipalakpak mo ba nang maayos?




## PAG-ARALAN MO

Awitin mo ang isang awiting bayan ng Bisaya na “Inday Kalachuchi” habang ipinapalakpak ang kumpas.

Sundan ang hulwarang ito, at magsimula ka sa ikalawang kumpas.

$$\frac{4}{4}\ \Big|\ 𝄽\ \text{♩}\ \text{♩}\ \text{♩}\ \Big|$$
1 2 3 4
In - day ka

Hindi mo ipapalakpak ang unang kumpas dahil ito ay simbolo ng katahimikan (*rest*), ngunit ito’y bibigyan mo ng kumpas





Suriin mo ang sumusunod na notasyon ng awit.

# Inday Kalachuchi

Awiting Bayan ng Visayas





Napapansin mo ba ang mga simbolo o sagisag na bumubuo sa notasyon?

Ang tawag sa mga sagisag na ito ay mga *nota* at *pahinga*.

Narito ang larawan ng iba't ibang uri ng *nota* at *pahinga*.

Basahin at pag-aralan mo.

| NOTA | PAHINGA | BILANG NG KUMPAS |
|---|---|---|
| Buong nota (whole note) | Buong pahinga | 4 |
| Hating nota (half note) | Hating pahinga | 2 |
| Kapat na nota (quarter note) | Kapat na pahinga | 1 |
| Kawalong nota (eighth note) | Kawalong pahinga | 1/2 |
| Kalabing anim na nota (sixteenth note) | Kalabing anim na pahinga | 1/4 |



Tumingin muli sa notasyon ng “Inday Kalachuchi”.  Tukuyin mo ang mga nota at pahinga na ginamit sa notasyon.  Ipalakpak ang bilang ng kumpas.

Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| ♩ | Kapat na nota o quarter note | = 1 kumpas |
| 𝅗𝅥 | Hating nota o half note | = 2 kumpas |
| 𝅝 | Buong nota o whole note | = 4 kumpas |

Tukuyin mo rin ang mga pahinga.  Ang pahinga ay katahimikan o walang tunog.  Binibigyan din ito ng kumpas.

Halimbawa:

𝄽 = 1 kumpas

𝄾 = ½ kumpas

Ang mga ibang uri ng nota at pahinga ay napapaloob sa notasyon ng ibang awit.

## SUBUKIN MO

Iguhit mo sa iyong papel ang iba’t-ibang uri ng nota at katumbas na pahinga. Lagyan ng bilang ng kumpas.

Halimbawa:

♩ Kapat na nota – 𝄽 kapat na pahinga = 1 kumpas

## TANDAAN MO

Ang tsart sa ibaba ay nagbibigay ng kaukulang halaga ng bawat **nota**.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 𝅝 4 | | | | | | | | | | | | | | | |
| 𝅗𝅥 2 | | | | | | | | 𝅗𝅥 2 | | | | | | | |
| ♩ 1 | | | | ♩ 1 | | | | ♩ 1 | | | | ♩ 1 | | | |
| ♪ ½ | | ♪ ½ | | ♪ ½ | | ♪ ½ | | ♪ ½ | | ♪ ½ | | ♪ ½ | | ♪ ½ | |
| 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ | 𝅘𝅥𝅯 ¼ |

Ganito rin ang bilang ng kumpas na tinatanggap ng mga katumbas na **pahinga**.

## PAGTATAYA


A. Anong uri ng mga nota at pahinga ang sumusunod? Isulat mo sa iyong papel. Isulat din ang bilang ng kumpas.

Halimbawa: ♩ = kapat na nota = 1 kumpas

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

B. Iguhit mo naman sa papel ang mga sumusunod na nota at pahinga.

1. hating nota
2. kapat na pahinga
3. kapat na nota
4. kawalong nota
5. kawalong pahinga



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.